

PROLOGUE

Kung hindi lang ako nabighani kay Blaire at kung paano niya pinasisigla ang lugar, baka napansin kong may ibang taong pumasok. Bigla na lang tumahimik ang mga nagsasalita sa paligid ko at lahat ng mata’y nakatutok sa pinto sa likuran ko. Tiningnan ko si Blaire na nakikipag-usap pa rin kay Woods at hindi napansin ang pagbabago sa silid. Inilipat ko siya sa likuran ko bilang proteksyon bago ko nilingon ang kumuha ng pansin ng lahat ng nasa bar.

Nakatutok sa akin ang parehong kulay-pilak na mga matang nakikita ko sa salamin araw-araw. Matagal ko ring hindi nakita ang ama ko. Karaniwan nang madalas kaming mag-usap, pero sa pagpasok ni Blaire sa mundo ko, wala na akong oras at lakas para hanapin ang daddy ko para makapag-usap kami.

Mukhang ako naman ang hinanap niya ngayon.

“Ang daddy mo ’yun,” mahinang sabi ni Blaire. Lumipat siya sa tabi ko at humawak sa aking braso.

“Oo, siya nga.”

BLAIRE

Walang stage makeup at itim na katad na damit, nagmukha siyang mas matandang bersyon ni Rush. Kinailangan kong kumilos nang mabilis para makaagapay kay Rush. Mahigpit siyang nakahawak sa aking kamay habang palabas kami, palayo sa karamihan. Nauuna ang daddy niya. Hindi ko sigurado kung masaya si Rush na makita ang ama o hindi. Ikiniling lang niya ang ulo sa gawi ng pinto bilang tugon. Halatang ayaw niyang magkaroon ng audience ang aming pagkikilala.

Ilang ulit na huminto si Dean Finlay—ang pinakakilalang drummer sa buong mundo—para pirmahan ang mga bagay na itinulak sa harapan niya. Hindi lang galing sa mga babae. May isang lalaki nga na humarang sa harapan niya at nagpapirma sa isang bar napkin. Ang nagbabantang tingin ni Rush, na pilit inilabas ang ama sa lugar, ang pumigil sa mga gustong humarang sa kanila. Sa halip, tahimik na pinanood ng mga ito ang paglabas ng drummer ng Slacker Demon sa pinto.

Malamig ang simoy ng pang-gabing hangin ngayon. Agad akong nanginig. Huminto si Rush at iniyakap ang mga braso sa akin. “Kailangan nating umuwi sa bahay. Hindi ko siya patatayuin dito habang nag-uusap tayo. Masyadong malamig,” sabi niya sa ama.

Huminto si Dean at sumulyap sa akin. Hinagod niya ako ng

tingin. Kitang-kita ko ang sandaling napansin niya ang tiyan ko.

“Dean, si Blaire Wynn, fiancée ko. Blaire, siya si Dean Finlay, ang daddy ko,” maigting na sabi ni Rush. Wala sa tono niya na gusto niyang magkakilala kami.

“Walang nagsabi sa aking magiging lolo na ako,” patamad na sabi ni Dean. Hindi ko sigurado kung ano ang nararamdaman niya dahil walang emosyon sa kanyang mukha.

“Naging abala ako,” tanging sagot ni Rush. Nakakapagtaka. Nahihya ba siyang ipaalam sa ama?

Sumama ang pakiramdam ko at nagsimula akong dumistansya sa kanya.

Humigpit ang pagkakahawak niya sa akin at naramdaman kong nakatutok sa akin ang buong atensyon niya. “Ano’ng problema?” tanong niya. Tumalikod siya sa ama at bahagyang yumuko para derecho akong matitigan sa mga mata.

Hindi ko gustong magtalo kami sa harap ni Dean. Nararamdaman ko ang mga mata niya sa aming dalawa. Umiling ako, pero tensyonado pa rin ang aking katawan. Hindi ko iyon mapigilan. Nabahala ako sa hindi niya pagsasabi sa kanyang ama.

“Dadalhin ko siya sa kotse. Magkita na lang tayo sa bahay,” ani Rush na ang mga mata’y nakatutok pa rin sa akin. Nagbaba ako ng tingin, nahiling na sana’y hindi na lang ako nag-react. Gumawa ako ng eksena. Iisipin ni Dean na isa akong

reklamadorang prinsesa.

Makikipagtalo na ako nang yakapin ako ni Rush sa baywang at akayin sa Range Rover. Balisa siya. Hindi niya gustong mag-alala ako, isang bagay na kailangan naming pag-usapan. May mga oras na mag-aalala ako at hindi niya mapipigilan iyon.

Binuksan ni Rush ang passenger door, binuhat ako at iniupo na parang isang limang taong gulang na bata. Palagi na’y parang bata ang turing niya sa akin sa tuwing napapansin niyang masama ang loob ko. Isa pa iyon sa dapat naming pag-usapan.

Tumingin siya sa akin, hindi pa man niya naisasara ang sariling pinto. “May mali. Kailangan kong malaman para maayos ko.”

Bumuntong-hininga ako at sumandal. Mabuti pa ngang matapos na ito kahit pa medyo nagtatampo ako. “Bakit hindi mo sinabi sa daddy mo ang tungkol sa baby?”

Inabot niya at ginagap ang aking kamay. “Iyon lang ba? Nag-aalala ka dahil hindi ko sinabi kay Dean?”

Tumango ako at itinuon ang mga mata sa magkahugpong naming palad na nakapatong sa aking hita.

“Wala akong panahong hanapin siya. At saka, alam kong darating siya kapag sinabi ko dahil gugustuhin niyang makilala ka. Hindi pa ako handang makasama siya.”

Para akong gaga. Nitong nakakaraan, masyadong magulo

ang emosyon ko. Nag-angat ako ng paningin at sinalubong ang nag-aalalang titig niya. “Okay, naiintindihan ko.”

Humilig siya at hinalikan ako sa labi. “Patawad kung nag-alala ka,” bulong niya. Sumandal siya pagkatapos muling halikan ang sulok ng mga labi ko. Sa ganitong mga pagkakatao’y parang gusto kong mahimatay.

“Narito na siya ngayon. Kaya alamin na lang natin kung bakit bago pa malaman ng mommy ko. Gusto ko solo lang kita. Ayokong nasa paligid ang magulo kong pamilya.”

Hindi binitiwang ni Rush ang kamay ko nang paandar niya ang sasakyan. Sumandal ako patagilid para matitigan siya.

Dahil hindi nakapag-ahit ay mukha siyang matanda at mailap. Napaka-sexy. Sana’y hindi siya madalas nag-aahit. Mas gusto ko sa pakiramdam iyon.

Hinubad na niya ang hikaw niya at bihira na iyong isuot.

“Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit siya narito?” tanong ko.

Sumulyap si Rush sa akin. “Umaasa akong nagpunta siya para makilala ka. Pero tingin ko’y hindi pa niya alam ang tungkol sa iyo. Halatang nagulat siya. Kaya ibig lang sabihin, narito siya dahil kay Nan.”

Si Nan, ang kapatid ni Rush. Mula nang lumabas siya ng ospital ay hindi pa siya bumabalik ng Rosemary. Mukha

lang hindi nag-aalala si Rush, pero mahal niya ang kapatid. Nagagalit ako dahil ako ang dahilan kung bakit siya lumayo. Ngayong alam na ni Nan kung sino ang tunay niyang ama at na wala naman akong inagaw sa kanya, umaasa akong magiging magkaibigan kami para sa kapakanan ni Rush. Mukhang hindi na iyon mangyayari.

“Sa palagay mo, nakipagkita si Nan kay Kiro?” tanong ko.

Nagkibit siya ng balikat. “Hindi ko alam. Nagbago siya mula noong aksidente.”

Huminto ang sasakyan sa isang malaking beach house na binili ni Dean para kay Rush noong bata pa siya. Pinisil ni Rush ang aking kamay. “Mahal kita, Blaire. Ipinagmamalaki kong ikaw ang magiging ina ng anak ko. Gusto kong malaman ng lahat. ‘Wag mong pagdudahan ’yun.”

Nangilid ang luha sa aking mga mata. Tumango ako bago inangat ang kanyang kamay at hinalikan. “Naging emosyonal ako. Huwag mo na lang akong pansinin kapag ganito ako.”

Umiling siya. “Hindi p’wedeng hindi kita pansinin. Gusto kong bigyan ka ng kasiguruhan.”

Bumukas ang pinto sa gawi ko. Nakangising nakatayo doon si Dean Finlay. “Pababain mo na siya, anak. Oras na para makilala ko ang ina ng apo ko.”

Nalilitong ipinatong ko ang aking kamay sa nakabukas

Forever Too Far - Abbi Glines

na palad ni Dean. Bumalot sa kamay ko ang mahahaba niyang daliri at tinulungan akong bumaba ng Range Rover. Naroon na kaagad si Rush para agawin ang kamay ko at hilahin ako sa tabi niya. Tumawa si Dean at umiling. “Nalintikan na.”

“Pumasok na tayo,” tugon ni Rush.

RUSH

Lumapit si Dean sa sofa at umupo bago hinugot ang pakete ng sigarilyo. Shit. Hindi siya ang gusto kong makasalamuha ngayon. “Hindi ka p’wedeng manigarilyo rito sa loob o malapit kay Blaire. Masama sa baby.”

Umangat ang isang kilay niya. “Anak naman, sigurado akong nanigarilyo rin ang mommy mo nang ipinagbubuntis ka niya.”

Hindi ako nagdududang ginawa niya iyon at higit pa. Hindi ko ihahantad ang anak ko sa ganoong mga bagay. “Hindi ibig sabihin na mabuti ’yun. Iba si Blaire kay Mom.”

Sa pagkakabanggit ng pangalan niya’y pumasok si Blaire bitbit ang dalawang bote ng beer. Hindi ko siya inutusang kumuha niyon. Hindi ko gustong nagsisilbi siya kahit kanino. Pero ginawa pa rin niya.

Sinalubong ko siya sa kalagitnaan. “Hindi mo kailangang kumuha nito,” sabi ko nang kunin ang mga iyon sa kanya sabay halik sa kanyang sentido.

“Alam ko. Pero may bisita tayo. Gusto kong maramdaman niya na welcome siya.”

Nahirapan akong mag-concentrate sa daddy ko dahil sa matamis na ngiti ni Blaire. Gusto ko siyang iakyat sa kuwarto

namin.

“Dalhin mo rito ang beer at tigilan mo ang pagiging dominante. Masasakal mo siya. Hindi ko alam kung anong kalokohan ang pumasok sa iyo.”

Humagikgik si Blaire. At dahil napatawa siya ng daddy ko, handa kong kalimutan ang sinabi ng darili kong ama.

“Heto,” sabi ko sabay salya ng beer sa gawi ni Dean. “Ngayon, bakit ka nagpunta rito?”

“Ano? Hindi ba p’wedeng bisitahin ng isang ama ang kanyang anak kung gusto niya?”

“Rosemary ito. Hindi ka nagpupunta rito.”

Nagkibit siya ng balikat at tumungga ng beer. Iniunat niya ang isang braso sa sandalan at ipinatong ang mga paa sa coffee table.

“Nababaliw na ’yung p*tang kapatid mo. Sira na ang ulo niya. Kailangan namin ng tulong.”

Tungkol kay Nan. Iyon na nga ang naisip ko. Umupo ako sa katapat na silya at inilahad ang isang palad kay Blaire. Hindi ko gustong nakatayo siya at gusto kong maramdaman niyang welcome siya sa pag-uusap naming mag-ama. Lumapit siya. Hinila ko siya paupo sa kandungan ko.

“Ano’ng ginawa ni Nan?” tanong ko, natatakot na malaman

ang sagot.

Muling tumungga ng beer si Dean. Pagkatapos ay sinuklay niya ng mga daliri ang mahabang buhok. “Ang tanong ay kung ano ang hindi pa niya nagagawa. Impyerno ang dala ng babaeng ’yun. Ayaw kaming patahimikin. Katatapos lang ng tour namin dalawang linggo na ang nakakaraan. Bumalik kami sa L.A. para magpahinga. Dumating siya at doon na nagkagulo. Wala kaming katahimikan. Hindi na alam ni Kiro kung ano’ng gagawin sa kanya. Kailangan namin ng tulong.”

Alam kong naging tahimik si Nan, pero hindi ko inasahan na pupunta siya ng L.A. para hanapin si Kiro. Alam niyang magkasama sa isang Beverly Hills mansion si Kiro at ang daddy ko. Buong buhay ko’y doon na tumitigil ang dalawa kapag walang tour. Dalawang ulit nang ikinasal si Kiro at umaalis siya sa mga pagkakataong iyon, pero bumabalik din pagkatapos ng bawat divorce. Kilala iyon bilang Slacker Demon mansion. Walang nakasisiguro kung sinong miyembro ng banda ang nakatira roon sa partikular na panahon.

“Sa mansyon siya tumitigil?” tanong ko.

Nag-angat ng kilay si Dean. “Mukha ba akong tanga para sa iyo? Siyempre hindi siya roon nakatira. Pero palagi siyang sumusulpot doon. Marami siyang hinihingi. Sinubukan ni Kiro na suyuin siya para magkaroon sila ng maayos na relasyon, pero ayaw niya. Ayaw niyang makinig at saka... nalaman niyang may isa pang anak na babae si Kiro. Hindi iyon naging maganda.”

Mukhang hindi pa niya alam ang tungkol sa anak na lalaki ni Kiro, pero hindi naman kasi nagpapakita si Mase.

“Siguro’y ang sama-sama ng loob niya,” ani Blaire sa nag-aalalang tinig. Hindi ko alam kung paanong nagawa pa niyang makisimpatya kay Nan. “Kailangan mo siyang puntahan. Tulungan mo siyang tanggapin ang lahat at tingnan mo na rin kung matutulungan mong makabuo sila ni Kiro ng isang uri ng relasyon.”

Tatanggi sana ako nang sumingit si Dean.

“Gusto ko na siya. ’Yan nga ang eksaktong dapat mong gawin. Bakante ang k’warto mo at alam mong komportable ’yun. Isama mo si Blaire para magkaroon din ako ng tsansang makilala siya at para makasama na rin kita. Kung hindi’y baka mapatay na ni Kiro si Nan.”

Pinisil ni Blaire ang balikat ko. “Tingin ko dapat tayong sumama. Kailangan ka ni Nan.”

Tiningala ko siya. “Bakit nag-aalala ka kung ano’ng kailangan ni Nan?” nagtatakang tanong ko.

“Dahil mahal mo siya,” simpleng tugon ni Blaire.

“This one’s a keeper. Ngayon, tama na muna ang tungkol kay Nan. Gusto kong malaman kung kailan lalabas ang baby at kung kailan ang kasal,” masayang sabi ni Dean. Kakaiba ang tono niya ngayon sa ginamit nang magsalita ng tungkol kay Nan.

Sumulyap si Blaire kay Daddy at ngumiti. “Twenty weeks na ang tyan ko. Sa kalagitnaan pa ng April ang labas ng baby. Tungkol naman sa kasal, magpapakasal kami pagkatapos ng dalawang linggo, pero ayokong maging pabigat kay Rush. Gugustuhin kong iurong muna ang kasal para maayos niya ang problema sa pamilya. Hindi pa naman kami nakakapagpadala ng invitations kaya walang problema sa pagbabago ng petsa.”

“Hindi na ako makapaghihintay na mabago ang apelyido mo,” tutol ko, pero inilapat ni Blaire ang isang daliri sa mga labi ko.

“Shhh. Ayokong makipagtalo tungkol dito. Hindi ako masisiyahan sa kasal natin kung alam kong may kailangan kang ayusin sa pamilya. I-enjoy natin ang Thanksgiving kasama ang mga kaibigan natin gaya ng plano. Pagkatapos ay pumunta tayo sa L.A. para kay Nan. Kapag naayos mo na ang lahat, p’wede na tayong mag-focus sa kasal natin.”

Hindi ko na gustong maghintay. Naiinis ako sa ideyang siya pa rin si Blaire Wynn habang lumalaki ang anak namin sa sinapupunan niya. Gusto kong nasa kanya na ang pangalan ko para malaman ng buong mundo na gusto ko siya at ang anak ko. Pero alam kong hindi ako mananalo base sa determinasyon sa kanyang mga mata.

“Gusto kong maging masaya ka,” nasabi ko sa wakas.

Hinalikan ni Blaire ang tungki ng ilong ko. “Alam ko. Isa ’yan sa dahilan kaya mahal kita.”

“Kung magpapalipas pa kayo ng Thanksgiving bago pumunta sa L.A. para sa kapatid mo, ako’y ganoon na rin. Isa pa, ilang taon na rin mula nang huli kitang makasalo sa Thanksgiving,” sabi ng daddy ko.

Hindi ko sigurado kung ano ang naramdaman ko tungkol doon.

“Masaya kaming makasama ka, Mr. Finlay,” sabi ni Blaire sa daddy ko, maaliwalas ang ngiti na parang bukal sa loob niya ang sinabi. Fuck. Hahayaan kong mangyari ito.

“Tawagin mo na lang akong Dean, sweetheart. Magkapamilya na naman tayo.”

Napangiti ako dahil sa natutuwang ningning sa kanyang mga mata. Siguro’y hindi masamang makasalo namin si Daddy sa Thanksgiving. Kung ganitong napapangiti niya si Blaire, kailangan kong makisama.